# PAGTATASA SA SARILI

8

ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Pagtatasa sa Sarili: Ano at Bakit
- Ano ang Isasaalang-alang
- Mga Paraan ng Pagtatasa sa Sarili

## MGA LAYUNIN

Tuklasin ng mga estudyante ang pagiging kapaki-pakinabang ng kanilang pagtatasa sa sarili.

Matuklasan ng mga estudyante ang mga tanong na dapat isaalang-alang kapag nagtatasa sa sarili.

Piliin ng mga estudyante ang paraan ng pagtatasa sa sarili nilang karanasan sa pag-aaral sa serbisyo.

# Bahagi I: Pagtatasa sa Sarili: Ano at Bakit

Layunin: Matalakay ng mga estudyante kung ano ang pagtatasa sa sarili at kung bakit ito maaaring maging kapaki-pakinabang.

**1. Maisulat ng mga estudyante ang tungkol sa personal na karanasan.**

Hilingin sa mga estudyante na magsulat tungkol sa personal na karanasan na maaaring napakapositibo o napakanegatibo. Sabihin sa mga estudyante na maging detalyado hangga't maaari. Dapat nilang isama ang nangyari, kung ano ang kanilang naramdaman, kung ano ang kanilang babaguhin tungkol sa karanasan, at kung anong mga aksyon ang kanilang uulitin.

**2. Matasa ng mga estudyante ang sariling karanasan.**

Hikayatin ang mga estudyante na talakayin kung ano ang isinulat nila, at tanungin sila kung may natutunan ba sila sa kanilang mga karanasan. Ipaliwanag na katatapos lang nila sa proseso ng pagtatasa sa sarili: pag-aaral ng sitwasyon at pagpapasya kung anong mga aral ang natutunan, anong mga aksyon ang dapat ulitin, at kung ano ang hindi dapat ulitin. Ang pagtatasa sa sarili ay kung paano natututo ang mga tao sa lugar ng trabaho at sa buhay.

# Bahagi II: Ano ang Isasaalang-alang

Layunin: Masiyasat ng mga estudyante ang mga tanong na dapat isaalang-alang kapag tinatasa ang sarili.

**1. Mapagtalakayan ng mga estudyante ang mga tanong para sa pagtatasa sa sarili.**

Tagubilinan ang mga estudyante na magtalakayan ng mga tanong na sa palagay nila ay dapat isaalang-alang kapag tinatasa ang kanilang proyekto sa pag-aaral ng serbisyo. Isulat ang mga tugon sa pisara. Kung naaangkop, isama ang ilan o lahat ng sumusunod:

- Ano ang layunin ng proyekto? Sa palagay mo ba nakamit ang layunin? Bakit o bakit hindi?
- Naging makabuluhan ba sa iyo ang gawaing personal mong ginawa? Bakit?
- Sa palagay mo, sino ang nakinabang sa gawa mo? Paano sila nakinabang?
- Ano ang nagpasaya sa iyo sa iyong karanasan? Ano ang hindi nagpasaya sa iyo? Mayroon bang anumang bagay sa proyekto na nakaabala sa iyo? Ano? Bakit?
- Nagkaroon ka ba ng pagkakataong makipag-ugnayan sa mga taong pinaglilingkuran ng proyekto? Paano? Ano ang pakiramdam nito?
- Kung mayroon kang ibang bagay na magagawa tungkol sa proyekto, ano ito? Bakit?
- Ano ang pinakamagandang bahagi ng iyong karanasan sa pag-aaral ng serbisyo? Ang pinakamasama? Bakit?
- May natutunan ka bang bago sa proseso? Ano?
- Ano ang nangyayari sa inyong komunidad/lipunan na nagiging dahilan kung bakit kailangan ang iyong proyekto?
- Mayroon bang anumang mga pagpapalagay o stereotype na pinanghawakan noong sinimulan mo ang proyektong ito na alam mo na ngayong mali?
- Paano ka nagbago matapos lumahok sa proyekto sa pag-aaral ng serbisyo?

# Bahagi III: Mga Paraan ng Pagtatasa sa Sarili

Layunin: Mapili ng mga estudyante ang paraan ng pagtatasa sa sariling karanasan sa pag-aaral ng serbisyo.

**1. Matukoy ng mga estudyante ang mga paraan ng pagpapahayag.**

Tagublinan ang mga estudyante na maggrupo-grupo sa maliliit na grupong may tigtatatlo o apat para magtalakayan ng iba't ibang paraan kung paano ipahayag ng mga tao ang kanilang sarili. Upang matulungan ang mga estudyante na simulan ang kanilang gawain, maaaring kailanganin mong magbigay ng ilang halimbawa (hal., pagsusulat, musika, pagpipinta). Ipaulat sa bawat grupo

sa klase ang mga resulta ng talakayang nito habang ang boluntaryo ay nagsusulat ng mga tugon sa pisara.

Matapos maitala ang lahat ng mga tugon, isali ang klase sa isang talakayan tungkol sa nakalistang mga paraan ng pagpapahayag. Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag kung aling paraan ang pinakakomportable nilang gamitin upang ipahayag ang kanilang sariling mga iniisip at damdamin, at kung alin dito sila mas kayang makaunawa o natututo.

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang mga tao ay natututo at nagpapahayag ng kanilang nalalaman o iniisip sa maraming iba't ibang paraan. Tiyaking nauunawaan ng mga estudyante na walang anumang paraan ng pagpapahayag o pagkatuto ang mas mahusay kaysa sa iba—alinmang paraan ang nagpapahintulot sa kanila na matuto o maipahayag nang pinakamahusay ang kanilang mga sarili ay ang paraan na dapat nilang gamitin.

**2. Makumpleto ng mga estudyante ang pagtatasa sa sarili sa kanilang proyekto.**

Ipakumpleto sa mga estudyante ang pagtatasa sa sarili ng kanilang pakikilahok sa proyekto sa pag-aaral ng serbisyo sa paraang sinusulit ang kanilang mga gustong estilo ng pag-aaral at/o pagpapahayag. Maaaring naisin ng mga estudyante na ipahayag ang kanilang mga saloobin sa pagsusulat, musika, sining, o sayaw. Kung nais ng mga estudyante, imbitahin silang ibahagi ang kanilang mga proyekto sa pagtatasa sa sarili sa kanilang mga kaklase. Kung sa tingin ng mga estudyante na ang kanilang mga gawain sa pagtatasa sa sarili ay personal, tiyakin sa kanila na pananatiling pribado ang mga ito.